REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF TRANSPORTATION AND COMMUNICATIONS

MARITIME INDUSTRY AUTHORITY

PRESS RELEASE 2015-010
February 16, 2015

Contact: Atty. Jabeth A. Dacanay
Deputy Executive Director, STCWO
Chief of Staff, Office of the Administrator
MARITIME INDUSTRY AUTHORITY (MARINA)
Tel. No. 523.9078
Email: oadm13@gmail.com

PH, JAPAN MALUSOG ANG SHIPPING INDUSTRY RELATIONS

Sa mahigit na apat na dekadang magandang relasyon ng Pilipinas at Japan sa larangan ng maritima at paggawa ng barko o sasakyang pandagat, pinuri ni Mariime Industry Authority (MARINA) Administrator Dr Maximo Q. Mejia, Jr. (PhD) ang maritime leaders ng dalawang bansa, higit sa kooperasyon sa oyosupply ng may kalidad na makina at kagamitang pang-barko.

Sa kanyang talumpati sa Japanese Ship Machinery and Equipment Association (JSMEA) seminar na pinangunahan ni JSMEA Chairman Mr. Motoyoshi Nakashima, sa Diamond Hotel, Malate, Manila noong Peb. 12, sinabi ni Dr. Mejia na 'higit na kamangha-mangha ang kalidad ng mga tinuklas at ginawang makinarya at kagamitang pang-barko ng mga miyembro ng JSMEA. Sa totoo lang,

matagal na kilang subok, hindi laman sa Pilipinas, kundi ganoon din sa ibat-ibang bahagi ng mundo, dahil sa pulidong trabaho at matitibay na produkto'.

Nagpasalamat naman si Director Masahiro Uesono ng maritime bureau ng Japanese Foreign Affairs Office (JFAO) sa MARINA at buong shipping sector ng Pilipinas sa patuloy na pagtitiwala sa kakayahan ng mga Japanese 'ship machinery' at 'equipment' makers.

Sa open forum, nakilahok ang mga Filipino stakeholders sa talakayan . Sa 40 miyembro ng JSMEA, 10 ang nagsalita at inilatag ang kanilang modernonng technology , kagamitang pang-barko, kabilang na talagang kamangha-mangha tjuklas nila. Ito marahil ang dahilan, bakit ang Japanese ship technology at equipment ay umaabot sa iba ibang panig ng mundo, kabilang na ang America, Europa, Ausrralia, Russia, ani MARINA shipyards regulation service (SRS)chief, Director Ramon Hernandez; MARINA region 4 Director Caloy Portus at shipyard executive Lito Carlos ng Mindanao.

Bukod kay Administrator Mejia, kabilang din sa mga tampok na panauhin at nagsalita sina DTI Usec, Potenciano Manalo, Jr., Mr.Kasuhiko Kinoshita, JSMEA vice chairman; Mr. Neboru Ueda, Class NK; Mr. Masaaki Matsui and Mr. Shinzu Yamda, na mga JSMEA vice chairmen din. Ang mga pangunahing JSMEA corporate members ay ang Daihatsu, Uruno, Azuma, HS (Hanshin), Nabtesco, Kemel, Yanmar, Bemac and Nakashima companies.

MARINA, MARITIME PHILIPPINES, we move the world

The Maritime Industry Authority is an attached agency of the Department of Transportation and Communications tasked to accelerate the integrated development of the maritime industry in the country. It has been implementing reforms and programs to transform the country's domestic shipping industry to global competitiveness and the MARINA into a premiere maritime administration in Southeast Asia. For more information, visit marina.gov.ph.